



City of Seattle

Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin)

Pagsuporta sa masustansiyang pagkain at kalusugan at pag-unlad ng mga bata



Simula noong 2018, sinimulan ng Seattle ang pagpapataw ng buwis sa mga produktong inumin na pinatamis ng asukal na ipinamamahagi sa loob ng lungsod. Ang Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin) ay hindi buwis sa pagbebenta na direktang ipinapataw sa mga mamimili. Sa halip, iniaatas ng buwis na ito na magbayad ng buwis ang mga distributor (**ng 1.75 na sentimos bawat onsa**) sa mga produktong inuming pinatamis na kanilang ipinamamahagi sa loob ng Lungsod ng Seattle.

Maaaring makakita ang mga mamimili ng pagtaas ng presyo sa mga inuming pinatamis. Ipinapakita ng mga pananaliksik sa Seattle na ipinapasa ng mga distributor at retailer ang Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin) sa mga mamimili sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo ng mga inuming pinatamis. Sa katunayan, ipinapasa ng mga distributor at retailer ang halos buong halaga ng buwis (97 porsiyento) sa pamamagitan ng mas mataas ng presyo sa mga tindahan.

Bakit ipinasa ng Seattle ang buwis na ito?

Dinisenyo ang buwis na ito para paunlarin ang kalusugan ng mga residente ng Seattle sa pamamagitan ng pagbawas sa pagbebenta at pagkonsumo ng mga inuming pinatamis. Dagdag pa rito, ginagamit ang kita mula sa buwis para suportahan ang access sa masustansiyang pagkain at mga programa para sa maagang pag-aaral. Ayon sa pananaliksik, maaaring magdulot ang mga inuming pinatamis ng pangmatagalang pagdagdag sa timbang, na nagtataas sa panganib ng pagkakaroon ng **type 2 diabetes, mataas na presyon ng dugo at sakit sa puso**. Ang mga inuming pinatamis ay nagdudulot din ng mga cavity (butas sa ngipin). Ang isang 20-onsa na bote ng soda ay maaaring mayroong higit pa sa 15 kutsarita ng karagdagang asukal at higit pa sa 250 calorie na halos walang sustansiya.

Aling mga inumin ang pinapatawan ng buwis?



Mga regular na soda



Mga fruit drink (inumin mula sa prutas)



Mga energy at sports drink



Mga pinatamis na tubig



Mga pinatamis na kape at tsaa



Mga syrup at concentrate

ANG 20 ONSA NA SODA ay mayroong

15



KUTSARITA

ng karagdagang asukal at

250

CALORIE NA WALANG SUSTANSIYA

At ang **1-2 LATA** lamang bawat araw

AY NAGTATAAS SA PANGANIB NG

TYPE 2 DIABETES

26%

HINDI IPINAPATAW ANG BUWIS SA:



Mga inuming pangdiyeta, nakabotelyang tubig, 100% juice, gatas (kasama ang mga gatas galing sa halaman), mga powder at concentrate na hinahalo ng mga iinom nito, mga inumin na gamit sa paggamot, gatas ng sanggol o bata, at mga inuming nakalalasing.

Saan pumupunta ang pera?

Ginagamit ang Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin) para suportahan at palawakin ang mga programang nagpapabuti ng access sa masustansiyang pagkain at sumusuporta sa kalusugan, pag-unlad, at kahandaan sa pag-aaral ng mga bata.

Access sa Pagkain

53%



Pagpapabuti ng access sa masustansiyang pagkain

Pinapalawak ng kita mula sa buwis ang suporta para sa mga food bank at mga programa na nagpaparami ng mga prutas at gulay na inaalok sa mga lugar para sa pag-aalaga ng bata, mga preschool, paaralan, at after school (mga programang labas sa regular na oras ng paaralan). Pinalawak din ng pondo ang **Fresh Bucks**, na tumutulong sa mga taong gipit sa pera na makabili ng masustansiyang pagkain.



Mga programa sa pagkain ng komunidad

Pinapalawak ng kita mula sa buwis ang suporta para sa mga programang naghahain ng masustansiyang pagkain, naghahatid ng mga grocery, at nagbibigay ng edukasyon tungkol sa pagkain at nutrisyon sa mga pamilyang mababa ang kita at mga nakatatanda sa iba't ibang lugar sa buong Seattle.

Kalusugan ng Bata at Maagang Pag-aaral

43%



De-kalidad na pangangalaga sa bata

Sinusuportahan ng kita mula sa buwis ang mga subsidy (pinansiyal na tulong) para sa pangangalaga sa bata ng mga pamilyang nagtatrabaho. Pinalawak din ng pondo ang suporta sa kalusugan, pagsasanay, at kalidad ng programa ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata.



Mga programang sumusuporta sa pamilya

Sinusuportahan ng kita mula sa buwis ang mga programa sa pagbisita sa tahanan at nagbibigay ng mga bagong pansuportang serbisyo para sa mga batang naantala ang pag-unlad.

Administrasyon ng Buwis

4%



Sinusuportahan ng maliit na bahagi ng kita ang administrasyon ng Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin) Tagapayong Lupon ng Komunidad. Sinusuportahan din ng pondo ang isang pagsusuri na magtatagat ng limang taon para pag-aralan ang mga epekto ng buwis sa ekonomiya at pag-uugali hinggil sa kalusugan.

Sa 2019, nagbibigay ang Sweetened Beverage Tax (Buwis sa Pinatamis na Inumin) ng

\$18.3M

para suportahan ang access sa masustansiyang pagkain, kalusugan ng bata at maagang pag-aaral, at administrasyon ng buwis

